Agosto 31, 2020

Mahal Naming Magulang/Tagapag-alaga:

Sa Nobiyembre, ang iyong anak ay hihilingin na sasagutan nito ang 2020-2021 Panorama Surbey ng Estudyante (2020-2021 Panorama Student Survey). Ang pananaw ng iyong anak ay pinahahalagahan. Ang kanyang mga kasagutan sa surbey ang kumakatawan sa kanyang boses sa pagpapahusay ng pagtuturo ng mga guro at ng buong kalidad ng buhay paaralan. Nakikinig kami!

Ang Panorama Surbey ng Estudyante ay magbibigay sa mga guro ng mga pananaw ng mga estudyante tungkol sa silid-aralan at sa kanilang buong karanasan sa paaralan na maaaring magamit na patunay upang masuportahan ang Buod ng Propesyonalismo ng mga guro, Repleksyon sa Pagtuturo na bahagi ng Sistema ng Kahusayan ng Edukador o Educator Effectiveness System (EES). Bilang karagdagan, ang mga resulta ng surbey ay magagamit sa kalkulasyon ng sukat ng kalidad ng buhay sa paaralan para sa sistema ng responsibilidad ng Strive HI (Strive HI accountability system). Kasama rin sa surbey ang mga katanungan tungkol sa kaligtasan na nakapaloob sa Surbey ng Kalidad ng Paaralan ng Departmento ng Edukasyon ng Hawaii (HIDOE).

Ang mga sagot ng mga indibidwal na estudyante ay maging kumpidensyal at di matutunton kung kanino manggagaling. Upang mapanatili ang kumpidensyalidad, ilalagay ng iyong anak ang papel na sinagutan sa isang sobre at isasara niya ito. Ang mga sobre ay bubuksan at aasikasuhin ng mga kawani ng kumpanyang nagsagawa ng surbey sa pasilidad ng kompanya. Ang mga sagot sa surbey na ipinadala sa internet ay direktang mapupunta rin sa parehong kumpanya na nagsagawa ng surbey upang maasikaso. Ang buod ng mga datos sa mga sagot ng mga estudyante ay maibibigay sa mga grupo ng pinuno ng State at Complex Area ng HIDOE, mga punong-guro, at mga guro upang mapaganda ang mga gawain sa pagtuturo. Hindi maibibigay sa kanila ang mga indibidwal na sagot.

Ang Panorama Surbey ng Estudyante ay ginawa sa pamumuno ni Dr. Hunter Gehlbach, Propesor at Katulong na Dekano sa John Hopkin's University School of Education, at Direktor ng Pananaliksik sa Panorama Education. Sinunod ni Dr. Gehlbach at ng isang grupo ng mga mananaliksik mula sa Harvard Graduate School of Education ang isang mahigpit na proseso ng paggawa ng surbey na kinabibilangan ng masusing pagsusuri ng mga babasahin, pakikipag-usap sa iba't-ibang grupo ng mga tao, puna ng mga dalubhasa mula sa buong bansa, mga panayam sa mga estudyante, at maraming pagsubok at pag-aayos.

Ang surbey na ito ay di sapilitan; ngunit ang mga pananaw ng iyong anak ay napakahalaga upang masigurado ang pagkakaroon ng isang sistema ng dekalidad na edukasyon. Hinihingi namin ang iyong tulong upang lumahok at ibigay ng iyong anak ang totoo niyang sagot sa mga tanong na nasa surbey. Kung magagawa mo ito, wala na kaming hihingin sa iyo maliban lamang kung ayaw mong lumahok ang iyong anak sa surbey.

Upang mahingi na di na lalahok ang iyong anak sa surbey, pakisagot po ang nakalakip na Pormularyo ng Pagtanggi sa Panorama Surbey ng Estudyante. Markahan ng tsek ang kahon ng "Ang aking anak ay HINDI lalahok sa Panorama Surbey ng Estudyante," ibigay ang mga kailangang impormasyon, at isumite ang pormularyo sa paaralan ng iyong anak. Ang mga pormularyo ay kailangang maisumite sa paaralan ng di lalagpas sa petsa na nakalista sa Pormularyo ng Pagtanggi sa Panorama Surbey ng Estudyante.

Sa ngalan ng Departamento ng Edukasyon, kami po ay nagpapasalamat sa iyong kooperasyon at suporta sa ating paaralang pampubliko. Kung mayroon po kayong katanungan, tawagan si Ms. Morgan Yamamoto, Accountability Section, sa (808) 733-4008 o ang HIDOE EES Help Desk sa (808) 586-4072.

Lubos na Gumagalang,

Dr. Christina M. Kishimoto
Superintendente

Lubos na Gumagalang,

Punong-Guro

PORMULARYO NG PAGTANGGI

SA PANORAMA SURBEY NG ESTUDYANTE

Kung <u>ayaw</u> mong lumahok ang iyong anak sa Panorama Surbey ng Estudyante:

- ***Markahan ng tsek ang kahon***
- ***Ibigay ang kailangang impormasyon***
- ***Lagdaan***
- ***Ibalik sa paaralan ng di lalagpas sa _____, 2020***

<u>Sa Paaralan:</u>

☐ **Ang aking anak ay <u>HINDI</u> lalahok sa Panorama Surbey ng Estudyante.**

Pangalan ng Estudyante: _____Antas: _____ Track: _____

Pangalan ng Magulang:_____ Pangalan ng Guro:_____

Lagda ng Magulang: _____Petsa: _____

****Ang pormularyo ay hindi balido kung walang lagda.***

Ang Pormularyong ito ay balido para sa Taon ng Pag-aaral 2020-2021